



## Pangkalahatang Mensahe

Hindi tulad ng mga secta at kulto na linimitahan nila ang makakaligtas sa mga pormal na kasunduan na kanilang nilagdaan. Hindi mahirap sa mga muslim na malaman ang pagkakaroon ng paniniwala sa iisang diyos ng ibang mga tradisyon. Sa tuwing dumarami ang pagsasaliksik patungkol sa mga relihiyong nauna, mas nagiging malinaw na kahit ang mga maliliit na relihiyon na minsang naging mga pagano at panteista ay may matibay na paniniwala na may panginoong pinaka nakahihigit sa lahat na kanilang tinatawag. Ito ay hindi bago at hindi kagulat-gulat sa mga muslim.

Hindi rin mahirap mahanap ang silang mga sumamba sa Allah noon, bago pa man ipanganak ang Propeta Muhammad (SAW). Sa katunayan, mas nakakatulong pa ito na maintindihan ng malinaw na ang bawat isa ay muslim (sumusuko sa panginoon). Sa mga kritikal na oras, ang ating tinatakbuhan ay ang Allah at ito ang nagpapatunay ng pagiging alipin natin sa kanya. Ang isang aktibong muslim ay makikilala sa pamamagitan ng palagian niyang pagiging matapat sa orihinal na kasunduan.

Ang Allah ay nagsabi : *“At alalahanin mo, O Muhammad, noong inilabas ng iyong ‘Rabb’ ang mga anak ni Âdam (as) mula sa ‘sulb’ (o gulugod ng mga kalalakihan) ng kanilang mga ama at pinasaksi sila sa Kanyang Kaisahan, na ito itinanim (o inilagay) sa kanilang mga likas na katangian (na tinatawag na Fitrah), at pinatestigo sila sa pamamagitan ng kanilang mga sarili na Siya [ang Allâh] ang kanilang ‘Rabb’ na Tagapaglikha at Nagmamay-ari sa kanila, na sinabing: “Hindi ba Ako ang inyong Rabb?” Sila ay tumugon: “Oo, kami ay tumitestigo,” na baka ito ay itatanggi ninyo sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na sasabihin ninyong: “Katiyakan, hindi namin batid ang hinggil diyan,” – na hindi nila ito aaminin at aangkinin nila na walang katibayan sa kanila ang Allâh at wala silang kaalaman sa mga bagay na ito, na ito ay hindi nila nababatid. “ (7:172)*